Sinu-sino ang maaaring mabigyan ng mga nasabing programa?

Ang mga kumpanyang nabibilang sa "micro, small and medium" sized-establishment *sa mga sektor na* agribusiness, manufacturing, *at* services *ay puwedeng mag-avail ng mga programa.*

Sa anong pamamaraan maaaring mabigyan ang mga kumpanya ng mga ganitong programa?

Ang mga kumpanyang interesado sa programa ay maaring mag-apply sa tanggapan ng NWPC *o* RTWPB *na nasa kani-kanilang rehiyon o tumingin sa* NWPC website *na ang lokasyon ay nakatala sa* www.nwpc.dole.gov.ph.

Anu-ano ang mga pamantayan sa pagpili ng mga kumpanya para sa mga nasabing programa?

Ang mga pamantayan sa pagpili ng mga kumpanya para sa mga nasabing programa ay ang sumusunod:

a. *Ang kumpanya ay* 100% *pagmamay-ari ng Pilipino;*

b. *May mga pangunahing sistema na sa kumpanya katulad ng* recruitment *ng trabahador o empleyado, produksiyon at* maintenance; *at,*

k. *Interesadong makilahok at magpatupad ng mga* productivity improvement programs.

Kung may katanungan sa mga detalye at pagsali sa mga programang nabanggit, tumawag sa:

Training and Consulting Division

3rd Floor Dy International Bldg., # 1011
Gen. Malvar cor. San Marcelino Sts.,
Malate, Manila City

Contact No.: **(02) 527-8013**

Email: **tcd.nwpc@yahoo.com**

All rights reserved CY 2013. This brochure is published by the **Information and Publication Division** (IPD). This material is not for sale.

National Wages and Productivity Commission
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT

PRODUCTIVITY TRAINING PROGRAMS

Isinalin sa wikang ***Filipino***

Ang **National Wages and Productivity Commission** (NWPC) *sa pamamagitan ng* 17 **Regional Tripartite Wages and Productivity Boards** (RTWPBs) *ay nagsasagawa ng mga sumusunod na* productivity training programs *sa mga* micro, small and medium enterprises (MSMEs)*:*

ISTIV Productivity Awareness Program (PAP)

*Ang I*STIV Productivity Awareness Program *ay isang pagsasanay tungkol sa tamang pag-uugali ng mga tao sa paggawa upang mapagbuti ang kalidad ng trabaho. Ito ay nag-uugat sa limang katangian ng isang produktibong indibidwal. Ang letrang I ay nangangahulugan ng* Industrious *o Masipag, S ng* Systematic *o Mapamaraan, T ng* Time-conscious *o Mapagpahalaga sa oras, I ng* Innovative *o Malikhain at V ng* Strong Value *for work o Mapagpahalaga sa trabaho. Mayroon tatlong* training modules *na isinasagawa sa mga kumpanya tulad ng* ISTIV Appreciation Course for Owners and Managers, *I*STIV Integrated Course for Supervisors and Managers *at* ISTIV Orientation Course for Workers.

ISTIV Bayanihan Program

Ang ISTIV Bayanihan Program *ay isang pagsasanay na may layuning itaas o iangat ang antas ng productivity sa mga* Baranggay Micro Business Enterprises (BMBEs). *Ginagamit dito ang limang* ISTIV values *sa pagsasaayos ng mga sistema sa paggawa, pagbabahagi nito sa mga manggagawa at mga kaugnayang samahan para sa patuloy na pagbuti ng negosyo. Ito ay naglalayong suportahan ang paglago ng maliliit na kumpanya sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga pamamaraan sa pamamahala ng negosyo.*

ISTIV Plus: Succeeding in Business Program (SIB)

Ito ay isang karagdagang bersiyon ng ISTIV Productivity Awareness Program *kung saan nakapaloob dito ang Programang* SIB *ng* International Labour Organization (ILO). *Maituturing itong isang intrumento para maitaguyod ang prinsipyo ng disenteng trabaho sa mga organisasyon. Isa rin itong mekanismo na gumagamit ng diyalogo at pinapabuti ang antas ng komunikasyon sa loob ng isang kumpanya base sa pinagkasunduang* agreement *ng mga tagapangasiwa at manggagawa tungo sa minimithing antas ng produksiyon o serbisyo.*

Service Quality (SQ) Program for Key Employment Generators

Ang SQ *ay isang pagsasanay na naglalayong magbigay ng kaalaman at kasanayan sa manggagawa ukol sa pagbibigay ng kalidad na serbisyo sa pamamagitan ng* "error free" service. *Sa kasalukuyan, ang* SQ Training Program *ay isinasagawa sa mga* standard hotels *at* restaurants *at* "supply chain" *ng sektor ng turismo. Ang* supply chain *ay kinabibilangan ng mga* gift/souvenir shops, transport service, airport/ seaport service, *at* health *at* wellness *na* establishment.

5S of Good Housekeeping

Ang Programa ng 5S *ay pinag-isang konsepto ng pagkilos, kondisyon at kultura na naglalayong pataasin ang* productivity *sa pamamagitan ng mga pangunahing pamamaraan ng pagsasaayos sa lugar ng pagawaan. Ang* 5S *ay kumakatawan sa limang salitang Hapones gaya ng* Seiri, Seiton, Seiso, Seiketsu *at* Shitsuke *na nangangahulugan sa Tagalog ng Suriin, Sinupin, Simutin, Siguruhin, at Sariling kusa.*

Green My Enterprise (ME) Program

Ang Green ME *ay isang programa tungkol sa mga konsepto at teknolohiyang* "green" *tulad ng pagsasagawa ng* eco-audit, 5S of good housekeeping, 3Rs, *mga pamamaraan upang mapanatiling ligtas ang manggagawa sa anumang sakuna o aksidente, maayos ang daloy ng trabaho, wastong paggamit ng* resources *at di makapinsala sa kalikasan.*

More than Jobs! It's decent jobs.

National Wages and Productivity Commission